**CARD MBA**
A member of CARD MRI

Panatag Ka.

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| PARA SA | : | **CARD MBA STAFF** | MEMO NUMBER | : | **OP Memo - 13 - 2024** |
| MULA SA | : | **MS. JOCELYN D. DEQUITO, CHIEF EXECUTIVE OFFICER** | PAGE NUMBER | : | **Page 1 of 1** |
| PAKSA | : | **PROSESO NG PAGSASAGAWA NG PROXY VOTES PARA SA TAONG 2024** | DATE OF ISSUE | : | **May 17, 2024** |
| | | | SUPERSEDE | : | **None** |

Ipinababatid sa lahat ng mga kasapi ng CARD MBA ang gaganaping selebrasyon ng ika-25 na Annual General Membership Meeting (AGMM) sa **Setyembre 9, 2024** upang maghalal ng panibagong Lupon ng Patnugot ng samahan.

Kaugnay nito, ngayong 2024 ay may labing apat(14) na *qualified nominees* subalit anim (6) lamang sa kanila ang dapat ihalal sapagkat may anim (6) na Board of Trustees (BoTs) pa na mananatili sa posisyon hanggang sa taong 2025. Ang mga makakalap na proxy votes mula sa Luzon, Visayas at Mindanao ay dadalhin ng mga *qualified nominees* sa darating na 25th AGMM upang maghalal ng 6 na bagong BoTs.

Samantala, kaugnay sa pagdiriwang ng ika-25 na anibersaryo ng CARD MBA, binibigyan ng pagkakataon ang mga voting-members sa Centers na bumoto at manalo. Ang mga Centers na may 100% ng voting-members na bumoto at lumagda sa proxy votes ay magkakaroon ng entry at may posibilidad na manalo sa September 9, 2024.

At upang maayos na maisagawa at makalap ang *Proxy Votes*, sundin lamang ang simpleng prosesong nakasaad sa ibaba:

<u>**May 20-24, 2024**</u>

Ipa-*photocopy* ang **OP Memo 2024 - 13** at mga kalakip nito ayon sa bilang ng RD/UM/AM/AO at ipamahagi sa covered Unit o MBA Coordinators. Samantalang ang **Profile of Qualified Nominees for BoT** at **Proxy Votes Form [PVF]** ay ayon naman sa bilang ng covered Centers.

Ipaliwanag sa RD/AM/UM/AO ang Memo at *mechanics* ng "Bumoto at Manalo sa ika-25 Anibersaryo" bago ibigay ang **PROFILE** at mga **PROXY VOTES Form.** Tandaan: Ipaliwanag sa UM kung paano gagawin ang "Unit Tabulation Sheet" at kung kailan ito isusumite sa P.O.

⇩

<u>**May 27-31, 2024**</u>

Ito ang panahon na kailangang maipamahagi ng Unit o MBA Coordinator sa LAHAT ng Centers ang **PROFILE** at mga **PROXY VOTES Form.**

⇩

<u>**JUNE 3-August 2, 2024**</u>

**Ito ang panahon ng pangangalap ng Proxy Votes sa lahat ng Centers**. Bago isagawa ang PVF, dapat ay:

1. Basahin ng AO ang nilalaman ng **PROFILE** ng mga qualified nominees upang makilala at makapag-desisyon ang mga voting-members kung sino ang nais nilang maging *proxy* sa AGMM.
2. Kapag nakapag-desisyon na ang voting-member, isusulat niya sa Proxy Vote Form ang CODE# ng napiling nominado at pipirma sa tapat nito.

<u>**TANDAAN: Isa (1) lamang nominado ang dapat piliin ng voting-member.**</u>

3. Matapos maka-pirma ang lahat ng voting-members, bibilangin ng AO ang nakalap na proxy votes ng bawat nominee at itatala ito sa column ng Tally sheet ng PVF.
4. Kung ang *center* ay naka 100% ng boto, may pagkakataon ito na manalo.
5. Ang isinagawang **PVF** ay dapat maibalik ng AO sa UM upang isagawa ang *tabulation* ng proxy votes sa buong Unit.

<u>**PAUNAWA:**</u> *Ang voting-members ay ang mga **required dumalo** sa Center Meeting. Kaya't ang mga member-savers ay hindi na kailangan pang bumoto sapagkat hindi naman sila required na dumalo sa Center meeting).*

⤻

<u>**August 5-9, 2024**</u>

Sa panahon na ito kailangang maibalik sa Unit Office ang nakalap na proxy votes sa Center sa pamamagitan ng alinman sa MBA Coordinator, Member-remitter o CARD MRI Staff.

⇧

<u>**AUGUST 12-16, 2024**</u>

Ang UM ay pipili sa mga AO ng magta-*tabulate* ng lahat ng *proxy votes* gamit ang **Unit Tabulation Sheet** na kalakip nito. *Ang final **Tabulation Sheet** ay ipapasa sa MBA Coordinator o sa pamamagitan ng courier (i.e LBC, JRS, etc).*

⇧

<u>**AUGUST 19-30, 2024**</u>

Gamit ang *PO Online Tabulation* sa *Google Drive*, I-*tabulate* ng Insurance Processor (IP) ang lahat ng nakuhang boto ng bawat nominado. I-encode rin ni IP ang mga Centers na qualified para sa "Bumoto at manalo" *thru online link. (Ang link ng PO Tabulation Sheet at qualified Centers para sa "Bumoto at Manalo" ay ibibigay ng DCC Dept. sa PO).* Ang mga ginawang tabulation ni IP ay dapat idouble-check ni PM/CM. Siguraduhing tama at *accurate* ang data.

Dapat isama din sa agenda ng PO Staff meeting ang checking ng isinagawang *tabulation* upang tama data at kumpleto ang mga *Proxy Votes Form.* Ang **Unit Tabulation Sheet** ay i-file ni IP/PM at nakatago ng maayos sa Provincial Office.

**PAALALA: ANG PROVINCIAL MANAGER AY KAILANGANG MAGKAROON NG <u>WEEKLY COORDINATION SA UNIT MANAGER</u> TUNGKOL SA STATUS NG PAGKALAP NG PROXY VOTES UPANG MASIGURO NA MAKAKAKALAP NG SAPAT NG PROXY VOTES BAGO ANG ARAW NG ELECTION.**

**Maraming salamat.**